Permiso upang Ibahagi sa California Immunization Registry (CAIR) ang Impormasyon ng Iyong Anak tungkol sa Pagbabakuna/Screening Test sa Tuberkulusis ng Paaralan

Ang pagbabakuna o 'iniksyon' ay nagpapaiwas sa malubhang mga sakit. Ang mga screening test sa Tubercklosis (TB) ay nakakatulong sa pag-alam kung ikaw ay may impeksyon ng TB at maaaring kakailanganin para sa pagpasok sa paaralan. Ang pagsusubaybay sa mga iniksyon/mga pagsusuri sa TB ng iyong anak ay maaaring mahirap, lalo na't higit sa iisang doktor ang nagbigay ng mga ito. Ang California Immunization Registry (CAIR) ay isang secure na computer system na ginagamit ng mga doktor at awtorisadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa pagsubaybay sa mga iniksyon at mga pagsusuri sa TB ng iyong anak. Kung magpapalit ka ng mga doktor, ang iyong bagong doktor ay maaaring gumamit sa rehistro upang makita ang rekord sa iniksyon/pagsusuri sa TB ng iyong anak. Ang CAIR ay suportado ng California Department of Public Health.

Paano makakatulong sa Iyo ang CAIR?

- Sinusubaybayan ang lahat ng mga iniksyon ng iyong anak at mga pagsusuri sa TB (mga pagsusuri sa balat/mga x-ray sa dibdib), upang hindi niya makaligtaan ang alinman o makatanggap nang napakarami
- Magbibigay sa iyo ng kopya ng pinaka-bagong rekord sa iniksyon/pagsusuri sa TB ng iyong anak (mula sa doktor)
- Tumutulong sa tagapagbigay ng pangangalaga sa bata o sa mga opisyal ng pamahalaan na makumpirma na ang iyong anak ay nakatanggap ng mga iniksyon/mga pagsusuri sa TB na kinailangan upang masimulan ang pangangalaga sa bata o pag-aaral
- Tumutulong s aiyong doctor na magpadala sa iyo ng mga paalala kapag ang iyong anak ay nangangailangan ng mga iniksyon

Paano makakatulong ang CAIR sa paaralan ng iyong anak?

Sa ilalim ng mga batas ng California, ang mga paaralan, pangangalaga sa bata, at iba pang mga ahensya ay maaari lang gumamit sa CAIR upang:

- Tingnan kung aling mga iniksyon/mga pagsusuri sa TB ang natanggap o kailangan ng mga bata sa kanilang mga programa
- Tiyakin na ang mga bata ay nakatanggap ng mga iniksyon/pagsusuri sa TB na kailangan upang magsimula sa pangangalaga sa bata o sa eskwela

Anong impormasyon ang maaaring ibahagi sa CAIR?

- Ang pangalan, kasarian, petsa ng kapanganakan, at lugar ng kapanganakan ng iyong anak
- Mga pangalan ng mga magulang o guardian
- Mga detalye tungkol sa mga iniksyon/mga pagsusuri sa TB ng iyong anak, tulad ng uri ng bakuna/pagsusuri sa TB at petsa nang ibinigay
- Limitadong impormasyong di-pangmedikal upang tamang nakikilala ang iyong anak

Ligtas ang impormasyon ng iyong anak! Ang mga ipinasok sa CAIR ay tinatrato katulad ng pribadong medikal na impormasyon. Sa ilalim ng batas ng California*, tanging* ang tanggapan lang ng iyong doktor, isang planong pangkalusugan, at kagawaran ng pampublikong kalusugan ang maaaring tumingin sa iyong address at numero ng telepono. Ang maling paggamit ng rehistro ay maaaring mapaparusahan ng batas.

Mga Karapatan ng Magulang at Guardian

Karapatan mo na:

- Tumanggi, kung ayaw mong ibahagi sa CAIR ang impormasyon sa iniksyon/pagsusuri sa TB mula sa rekord sa paaralan ng iyong anak
- Magbago ng iyong isip sa kalaunan kung nais mong ihinto o simulan ang pagbabahagi ng impormasyon sa CAIR tungkol sa iniksyon/pagsusuri sa TB ng iyong anak
- Tingnan ang kopya ng iniksyon/pagsusuri sa TB ng iyong anak sa CAIR at hilingin sa iyong doktor na ituwid ang posibleng mga mali
- Malaman kung sino ang tumingin sa rekord sa CAIR ng iyong anak

Kung nais mong pahintulutan ang iyong paaralan na ibahagi sa California Immunization Registry ang impormasyon mula sa rekord sa paaralan ng iyong anak, mangyaring LAGDAAN at PETSAHAN ang ibaba. Gagawin ng paaralan ng iyong anak ang nalalabi!

_____ _____

Lagda ng Magulang/Guardian **Petsa Ngayon**

_____ _____/_____/_____/_____

Buong Pangalan ng Bata (pakilimbag) **Petsa ng Kapanganakan ng Bata (BB/AA/TTTT)**

_____ **Kasarian ng bata: L B**

Pangalan at Apelyido ng Ina (pakilimbag) **(bilugan)**

Kung AYAW mong ibahagi sa CAIR ang mga rekord sa iniksyon/pagsusuri sa TB ng iyong anak, wala kang gagawin. Tapos ka na.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa CAIR Help Desk sa 800-578-7889 o sa CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov